(필리핀어)

<Mga Patnubay Pagkatapos ng Bakuna-1 ng Corona 19>

○ **Araw ng pagbabakuna**

-Bakunahan kapag ikaw ay nasa mabuting kalusugan / -masusing pagsagot ng mga diagnosis/ -ligtas na pagbabakuna

○ **Pagkatapos Mabakunahan**

- Sa sentro na pinagbakunahan obserbahan ang hindi normal na reaksyon.

○ **Mga Dapat Ingatan Pagkatapos Mabakunahan ng Bakuna sa Corona**

* Pagkatapos mabakunahan manatili ng 15~30 minuto sa sentro ng pinagbakunahan, mag-obserba kung may anumang kakaibang reaksyon na lumalabas.
- Kung walang anumang espesyal na allergy, pagkatapos mabakunahan mag-obserba sa loob ng 15minuto.
- Kung mayroong allergy sa nakaraan, kailangan obserbahan ito sa loob ng 30 minuto.
* Pagkatapos makauwi, magpahinga ng hindi bababa sa 3 oras at maingat na mag-obserba kung may lumalabas ba na hindi normal na reaksyon.
* Pagkatapos mabakunahan, sa loob nang hindi bababa sa 3 araw obserbahang maigi kung may lumalabas ba na mga espesyal na sintomas.
* Iwasan ang matinding ehersisyo at pag-inom ng alak sa araw ng pagbabakuna at sa susunod na araw.
* Mas nakakabuti na hindi maligo sa araw ng pagbabakuna.
* Panatilihing malinis ang parte ng binakunahan.
* Sa katulad ng mga matatanda, pagkatapos nabakunahan huwag mag-isa sa halip manatili sa iba upang sa panahong mangyaring may lumalabas na sintomas makahingi agad ng tulong.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bakunang Covid-19 at pagbabakuna, mangyaring sumangguni sa website ng Corona19vaccination.kr

<Mga Patnubay Pagkatapos ng Bakuna-2 ng Corona 19>

○ **Hindi normal na reaksyon pagkatapos ng bakuna**

Mga karaniwang sintomas na lumalabas pagkatapos mabakunahan

Ang mga nakasaad sa baba na sintomas ay maaaring madalas mangyari pagkatapos mabakunahan, ito ay isang reaksyon na maaaring mangyari sa panahon ng pagbuo ng immune system, at karamihan sa mga ito ay mawawala sa loob ng 2~3 araw.

- pananakit sa parte ng nabakunahan, pamamaga, pamumula / - lagnat, pagsusuka, sakit ng kalamnan / -pagod /-sakit ng ulo

▸ Pagkatapos mabakunahan, kung nangyari ang mga sintomas na ito.

- Kung may pamamaga o sakit sa parte ng nabakunahan, gumamit ng isang malinis na tuwalya at lagyan ito ng pampalamig (cold compress).
- Kung mayroon kang kaunting lagnat, uminom ng maraming tubig at magpahinga.
- Kung masakit ang buong katawan o hindi komportable dahil sa lagnat makatulong ang gamot para pampatanggal sa lagnat at sakit(pain reliever).
- Bago magpabakuna ihanda ang gamot para pampatanggal sa lagnat at sakit (pain reliever), kapag may lumabas na sintomas pakiinom kaagad. Walang mga paghihigpit ukol sa pag-inom ng gamot ng pampatanggal sa lagnat at sakit(pain reliever) ngunit hangga't maaari inumin ang gamot nang may sangkap ng acetaminophen na hindi nakakatanggal ng pamamaga.

▸ Sa Kasong may lumalabas na hinihinalang masamang reaksyon pagkatapos ng bakuna ng Covid-19

Karamihan sa mga sintomas ay napagaling sa pamamagitan ng pag-inom ng gamot para sa lagnat (antipirina) o pampatanggal ng sakit (pain reliever) ngunit kung ang pamamaga, sakit, pamumula sa parte ng nabakunahan ay patuloy pa rin sa higit sa 2 araw, kumonsulta sa isang doktor.

Kung nakakaranas ka ng malubhang reaksiyon ng allergy(anaphylaxis, atbp) na sinamahan ng kahirapan sa paghinga, pagkawala ng malay, pamamaga ng mukha(facial edema) at iba pa, mangyaring tumawag sa 119 kaagad o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

+ Pagkatapos ng bakuna suriin ang kalusugan https://nip.kdca.go.kr
+ Pagkatapos ng bakuna maaring iulat dito ang masamang reaksyon https://nip.kdca.go.kr
+ Maaaring suriin ang mga sintomas pagkatapos mabakunahan at makakuha ng mga tagubilin kung paano tumugon sa pamamagitan ng https://nip.kdca.go.kr

<Ang pagsasalin na ito ay ginawa sa Danuri Call Center 1577-1366>